Ulat sa Aktibidad ng Able Bodied Adults Without Dependents (ABAWD)

Able Bodied Adults Without Dependents (ABAWD) Activity Report

PANGALAN NG KLIYENTE	NUMERO NG KLIYENTE

Mangyaring kumpletuhin ang form na ito upang matulungan kaming masuri ang iyong katayuan sa ABAWD. Ang mga aktibidad sa trabaho at pagsasanay ay nakakatulong upang manatili kang karapat-dapat para sa mga benepisyo sa pagkain habang nakakakuha ng karanasan o edukasyon, o naghahanap ng trabaho.

Mga Instruksiyon

1. Ibigay ang form na ito sa mga ahensiyang katuwang mo upang makumpleto nila ito.
2. Ang form na ito ay dapat lagdaan mo at ng mga ahensiyang katuwang mo.
3. Ibigay ang form na ito buwan-buwan sa o bago sumapit ang ika-10 ng susunod na buwan.
4. Ibalik ang nakumpletong form sa DSHS sa pamamagitan ng:
   - Pag-fax sa: 1-888-338-7410, o
   - Pagdadala nito sa iyong lokal na Community Services Office (CSO), o
   - Pagpapadala sa koreo sa: DSHS CSD Customer Service Center
PO Box 11699
Tacoma WA 98411-6699

Mga Mahalagang Bagay na Dapat Malaman:

- Dapat kang makakumpleto ng 80 oras bawat buwan ng mga naaprubahang aktibidad sa trabaho o pagsasanay, o
- Kung kalahok sa Workfare, ang iyong liham ng referral ay naglalaman ng bilang ng mga oras na dapat mong makumpleto.
- Ang mga linggo ay nagsisimula sa Linggo at nagtatapos sa susunod na Sabado. Nagsisimula ang kabuuang buwanang oras mula sa unang araw ng buwan hanggang sa huling araw ng buwan. Tingnan ang huling pahina para sa mga halimbawa.

Kung hindi mo natapos ang lahat ng kinakailangang oras (pagtatrabaho at iba pang mga aktibidad na may kaugnayan sa trabaho), mangyaring ibahagi ang (mga) dahilan kung bakit.

☐ Hindi ko nakumpleto ang lahat ng oras para sa buwang ito dahil (mangyaring ipaliwanag):

Mangyaring tingnan ang susunod na pahina para sa ulat ng buwan.

Barcode label

01205

BUWAN

PANGALAN NG KLIYENTE

NUMERO NG KLIYENTE

Ilagay ang bilang ng mga oras na nakumpleto kasama ang mga naaprubahang provider para sa bawat linggo.	**Mga linggo sa isang buwan**					**Kabuuang oras**
	Linggo 1	**Linggo 2**	**Linggo 3**	**Linggo 4**	**Linggo 5**	
Pinangangasiwaang Paghahanap ng Trabaho						
Pagsasanay sa Paghahanap ng Trabaho						
Mga Aktibidad sa Edukasyon na kinabibilangan ng: • General Education Degree Basic Education • English Language Acquisition (ELA)						
Pagsasanay na Bokasyonal na kinabibilangan ng: Refugee Work Program						
Pinangangasiwaang Pagsasanay sa mga Kasanayan sa Pamumuhay						
Pagpapanatili ng Trabaho						
Trabahong Walang Bayad						
Workfare						
Kabuuang oras						

Unang Provider:

Pinatutunayan ko na ang kliyenteng pinangalanan sa itaas ay nakakumpleto sa mga oras na nakasaad para sa panahong inilarawan sa itaas.

PANGALAN NG LUGAR NG AKTIBIDAD

MGA AKTIBIDAD

LAGDA

Karagdagang Provider:

Pinatutunayan ko na ang kliyenteng pinangalanan sa itaas ay nakakumpleto sa mga oras na nakasaad para sa panahong inilarawan sa itaas.

PANGALAN NG LUGAR NG AKTIBIDAD

MGA AKTIBIDAD

LAGDA

☐ **Kasalukuyan akong nagtatrabaho; naiulat na ang trabahong ito sa DSHS at walang mga pagbabago sa aking mga oras.**

(Kung ikaw ay may trabaho na hindi pa naiulat dati sa DSHS, magbigay ng katibayan na kinabibilangan ng: pangalan at numero ng telepono ng iyong employer; halaga ng sahod; petsa ng pagsisimula; mga oras na tinrabaho linggu-linggo; kailan nagtatapos ang mga panahon ng pasahod; mga petsa ng pasahod; at kung may ibinabayad na mga tip o komisyon, ang mga inaasahang halaga.)

☐ **Kasalukuyan akong nasa isang programang inaprubahan ng WIOA at walang mga pagbabago sa aking mga oras.**

Ipinapahayag ko na ang impormasyong ibinibigay ko sa lahat ng pahina ng form na ito ay totoo at kumpleto.

LAGDA NG KLIYENTE

PETSA NG LAGDA

Barcode label

01205

Mga Paglalarawan at Halimbawa ng Ulat sa Aktibidad ng ABAWD

Ang mga paglalarawan sa ibaba ay nakakatulong na matukoy ang mga aktibidad na mabibilang sa iyong partisipasyon. Mabibilang lamang ang mga aktibidad kung isang naaprubahang programa ang nangangasiwa sa mga ito. Alamin pa ang tungkol sa mga programang ito sa pamamagitan ng pagbisita sa: https://www.dshs.wa.gov/ABAWDprograms.

Pinangangasiwaang Paghahanap ng Trabaho - tumutulong sa iyo sa paghahanap ng trabaho. Kabilang sa mga aktibidad ang:

- Pakikipag-ugnayan sa mga potensyal na employer
- Paghahanap sa mga listahan ng trabaho
- Pagkuha ng mga ID, mga propesyonal na lisensya o sertipikasyon

Pagsasanay sa Paghahanap ng Trabaho – tumutulong sa iyong maghanap at makakuha ng trabaho. Kabilang sa mga serbisyo:

- Pagsusulat ng resume, mga kasanayan sa panayam, paghahanda ng isang master application
- Pagtuturo at suportang may kaugnayan sa paghahanap ng trabaho
- Mga workshop sa lugar ng trabaho at pagpaplano ng karera

Basic Education – tumutulong sa iyo na mapataas ang iyong kakayahang matanggap sa trabaho. Kabilang sa mga aktibidad ang:

- Mga pangunahing kasanayan sa computer, tulong sa pagbabasa o matematika
- High School Equivalency (dating GED)
- Basic Education for Adults (BEA)
- English Language Acquisition (ELA)

Mga Kasanayan sa Pamumuhay – nagpapataas ng iyong kakayahang matugunan ang mga pangangailangan at hamon ng pagtatrabaho at pang-araw-araw na pamumuhay. Iniaalok ang mga serbisyong ito ng ilang lokasyon ng WorkSource at mga provider ng Basic Food Employment and Training.

Edukasyong Bokasyonal – nagbibigay ng mga programang nangangailangan ng espesyalisadong pagsasanay tulad ng welding o computer programming. Nagreresulta ang mga programang ito sa mga kinikilalang kredensyal. Dapat ang aktibidad ay:

- May kredensyal
- Kinikilala ng isang independiyenteng third party
- Tinatanggap ng mga employer sa lokal na industriya

Mga Serbisyo sa Pagpapanatili ng Trabaho – tumutulong at sumusuporta sa mga nagtatrabahong adulto sa pamamagitan ng programang Basic Food Employment and Training upang makamit ang mas mahusay na pagganap sa trabaho at mapataas ang mga kita. Maaaring kabilang sa mga aktibidad ang:

- Pagpapayo o coaching
- Pangangasiwa ng kaso
- Tulong sa mga gastusing may kaugnayan sa pagpapanatili ng trabaho

Workfare - ay isang boluntaryong aktibidad para sa mga ABAWD upang mapataas ang pangkalahatang kakayahang matanggap sa trabaho sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pangunahing kasanayan sa trabaho at tiwala sa sarili. Dapat magboluntaryo ang mga kalahok ng partikular na bilang ng mga oras buwan-buwan sa mga lokasyon ng Workfare. Ire-refer ng DSHS ang mga ABAWD sa mga lokasyon ng Workfare.

Trabahong Walang Bayad – ay isang pagkakataon para sa isang ABAWD na matugunan ang mga kinakailangan sa partisipasyon sa pamamagitan ng pagboboluntaryo sa isang non-profit na organisasyon ng Estado, lokal, relihiyoso, o komunidad. Maaari ding isagawa ang trabahong walang bayad sa ibang mga paraan sa loob ng komunidad.

Barcode label

01205

Mga halimbawa kung paano kumpletuhin ang form DSHS 01-205

Unang Halimbawa: Isang aktibidad kasama ang isang provider.

Kung ang Hunyo 1 ay sa Sabado, ang linggo 1 ay magkakaroon ng isang araw. Ang susunod na apat (4) na linggo ay magkakaroon lahat ng pitong (7) araw. Ang huling araw, Hunyo 30, ay sa isang Linggo. Ang huling linggo ay magkakaroon ng isang araw.

Ilagay ang bilang ng mga oras na nakumpleto kasama ang mga naaprubahang provider para sa bawat linggo.	**Mga linggo sa buwan**					**Kabuuang oras**
	Linggo 1	**Linggo 2**	**Linggo 3**	**Linggo 4**	**Linggo 5**	
Pinangangasiwaang Paghahanap ng Trabaho (JS)						
Pagsasanay sa Paghahanap ng Trabaho (JT)						
Mga Aktibidad sa Edukasyon na kinabibilangan ng: • General Education Degree (GED) • Basic Education • English as a Second Language (ESL)	**2**	**13**	**33**	**20**	**15**	**85**

Ikalawang Halimbawa: Maraming aktibidad kasama ang dalawang provider.

Ilagay ang bilang ng mga oras na nakumpleto kasama ang mga naaprubahang provider para sa bawat linggo.	**Mga linggo sa buwan**					**Kabuuang oras**
	Linggo 1	**Linggo 2**	**Linggo 3**	**Linggo 4**	**Linggo 5**	
Pinangangasiwaang Paghahanap ng Trabaho (JS)			**5**	**5**		**10**
Pagsasanay sa Paghahanap ng Trabaho (JT)	**5**	**5**				**10**
Mga Aktibidad sa Edukasyon na kinabibilangan ng: • General Education Degree (GED) • Basic Education • English as a Second Language (ESL)	**15**	**15**	**15**	**15**		**60**
Kabuuang oras	**20**	**20**	**20**	**20**		**80**

Unang Provider:	Karagdagang Provider:
Pinatutunayan ko na ang kliyenteng pinangalanan sa itaas ay nakakumpleto sa mga oras na nakasaad para sa panahong inilarawan sa itaas.	Pinatutunayan ko na ang kliyenteng pinangalanan sa itaas ay nakakumpleto sa mga oras na nakasaad para sa panahong inilarawan sa itaas.
PANGALAN NG LUGAR NG AKTIBIDAD **WorkSource Auburn**	PANGALAN NG LUGAR NG AKTIBIDAD **Green River Community College**
MGA AKTIBIDAD **JS / JT**	MGA AKTIBIDAD **Basic Education**
LAGDA *John Doe, BFET provider*	LAGDA *Jane Doe, BFET Provider*

Barcode label

01205